

DEKLARASYON HINGGIL SA MGA POOK NA PINAPANGALAGAAN NG MGA KATUTUBO AT IBA PANG LOKAL NA PAMAYANAN

Declaration on Indigenous Peoples and Local Communities Conserved Areas (ICCA)

Kami, mga namumuno sa mga katutubong pamayanan at mga kinatawan ng mga katutubong samahan, na nagtipon sa Lungsod Quezon ngayong ika-30 araw ng Marso 2012 para sa Pambansang Pagpupulong Hinggil sa mga Pook na Pinapangalagaan ng mga Katutubo at Iba pang mga Lokal na Pamayanan;

(We, leaders of indigenous communities, and representatives of indigenous peoples' organizations, assembled in Quezon City this 30th day of March 2012 for the National Conference on Indigenous Peoples' and Local Communities Conserved Areas (ICCA);)

Aming natatandaan ang mga nakasaad sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatan ng mga Katutubo, ng Kumbensyon ng mga Katutubo at Tribung Mamamayan, ng Kumbensyon Hinggil sa Samu't Saring Buhay, ng 1997 Batas Para sa Mga Karapatan ng mga Katutubo, at iba pang mga instrumento na nagpapatibay ng aming mga karapatan bilang mga katutubo;

(Recalling the terms of the Universal Declaration on the Rights of Indigenous Peoples, the 1989 Indigenous and Tribal Peoples' Convention, the Convention on Biodiversity, the Indigenous Peoples Rights Act of 1997, and the many other instruments affirming our rights as indigenous peoples;)

Kinikilala namin na ang paggalang sa mga katutubong kaalaman, kultura at mga tradisyonal na gawain ay nagdudulot ng likas-kaya at pantay na kaunlaran at angkop na pamamahala ng kapaligiran;

(Recognizing that respect for indigenous knowledge, cultures and traditional practices contributes to sustainable and equitable development and proper management of the environment;)

Binibigyan namin ng pansin ang aming mahigpit na ugnayan sa mga likas na yaman na kumakatawan sa tradisyonal na anyo ng aming buhay, at pagnanais na makibahagi sa pantay na benepisyo mula sa paggamit ng tradisyonal na kaalaaman, at mga gawain na may kinalaman sa pangangalaga ng samu't saring buhay at likas kayang paggamit ng mga ito;

(Emphasizing our close and traditional dependence embodying traditional lifestyles on biological resources, and the desirability of sharing equitably benefits arising from the use of traditional knowledge, innovations and practices relevant to the conservation of biological diversity and the sustainable use of its components;)

Malakas ang paniniwala namin bilang mga katutubo na ang ganap na paghawak sa mga kaganapan na may epekto sa amin, sa aming mga lupain, mga teritoryo at mga likas na yaman ay magbibigay ng kakayahan na mapanatili at mapalakas namin ang mga institusyon, kultura at mga tradisyon, at maisulong ang pag-unlad na alinsunod sa aming mga adhikain at mga pangangailangan;

(Convinced that as indigenous peoples, our control over developments affecting us and our lands, territories and resources will enable us to maintain and strengthen our institutions, cultures and traditions, and to promote our development in accordance with our aspirations and needs;)

Batid namin na nagkakaroon ng lumalawak na pagkilala sa aming mga ambag bilang mga katutubo sa pangangalaga ng samu't saring buhay at pagpapanatili ng mayamang kultura;

(Acknowledging that there is a growing recognition of our role as indigenous peoples in the conservation of biodiversity and the preservation of cultural diversity;)

Pinapatotohanan namin na sa loob ng libo-libong mga taon, kami ay may mahalagang ginagampanan sa pangangalaga ng mga sari-saring likas na kapaligiran at mga uri ng buhay sa pamamagitan ng aming mga

kinagawiang batas at iba pang paraan na epektibo upang punuan ang aming mga pangangailan pangkabuhayan, pang-kultura, pananampalataya at para sa kagandahan ng kapaligiran.

(Affirming that for millennia, we have played a critical role in conserving a variety of natural environments and species, for a variety of purposes, including economic as well as cultural, spiritual and aesthetic, through customary laws and other effective means;)

Sa aming pagtuos, karamihan sa mga tradisyonal na mga teritoryo at pook na pinapangalagaan naming mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan ay napapabayaan, hindi kinikilala, at may banta mula sa mga hindi angkop na gawaing pangkaunlaran at mga modelo ng edukasyon, panghihimasok ng mga banyagang relihiyon, at pagbabago ng kaugalian dulot ng impluwensya ng mga dayuhan;

(Considering that many of these traditional territories and community conserved areas are often neglected, not recognized and under threat from inappropriate development and educational models, religious intrusions, and externally driven change of local value systems;)

Sapagkat naniniwala kami na ang deklarasyon na ito ay isang mahalagang hakbang patungo sa pagkilala, pagsulong, at pangangalaga sa aming mga karapatan at kalayaan bilang mga katutubo na pamahalaan ang aming mga tradisyonal na mga nasasakupan at mga pook na pinangangalagaan;

(Believing that this declaration is a further important step forward for the recognition, promotion and protection of the rights and freedoms of indigenous peoples to govern their traditional territories and community conserved areas;)

Matapat at banal namin na ipinapahayag ang mga sumusunod na pamantayan para sa katuparan ng pagkilala at pagsuporta sa mga pook na pinapangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan:

(Solemnly proclaim the following as the standard of achievement to be pursued in the declaration, recognition and support of ICCAs:)

A. Mga batayang gawain na gagabay sa pakikipag-ugnayan ng katutubong pamayan, mga grupong sumusuporta, at gobyerno, para sa pamamahala ng mga lugar na pinangangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan sa Pilipinas.

(Basic activities in the involvement and participation of indigenous peoples, support groups, and the government in indigenous peoples and other local communities conserved areas)

Ang anumang gawain, pag-uusap at pakikipag-ugnayan ay dapat nakabatay sa mga sumusunod:

(All activities, discussions, and involvement should be based on the following:)

1. Para sa mga Katutubo at ibang lokal na pamayanan:

(For the indigenous peoples and other local communities:)

a. Sila ang mamamahala at magpapalano upang mapaunlad ang kakayahan sa pamamahala ng kanilang ICCA);

(The communities shall prepare plans for building their capacity for the effective management of their ICCA.)

b. Sikapin na maging ganap ang kalayaan ng mga katutubo at mapanatili ito hanggang sa mga susunod na salinlahi;

(Work for the restoration of the full freedom of the tribe/indigenous peoples and preserve it until the next generations)

c. Ipatupad ng pamayanan ang tradisyunal o katutubong batas;

(The community should enforce traditional or customary laws.)

d. Ipagpatuloy ang mga tradisyunal na mga gawain sa ICCA (gaya ng dati);

(Continue the traditional activities in the ICCAs (similar to what was practiced in the past)

e. Ipagpatuloy ang pagpapalakas sa mga katutubong pamayanan sa pangangalaga ng mga likas na yaman sa ICCA;

(Continue building the capabilities of the communities in the conservation of natural resources in the ICCA);

f. Isabuhay ang kaugalian batay sa kultura; hindi lang dapat sa mga salita, dapat may kaakibat na gawa;

(Live according to the customs that are based on culture not only in words, but in deed.)

g. Buhayin at ibalik ang ugnayan sa kalikasan at sa mga nilalang na hindi nakikita;

(Rekindle the relationship with nature, including the unseen (e.g. guardian spirits, consulting spirits)

h. Kilalanin at tanggapin ang ambag o ibabahagi ng bawat isa;

(Identify and acknowledge the contribution or donation of everyone.)

i. Tingnan ang ICCA bilang paraan ng pangangalaga, pagpapaunlad at kapayapaan;

(View ICCAs as strategies for protection, management, development and peace-building)

j. Ang pagkilala sa ICCA kailangan sakop ang dignidad at integridad ng buong teritoryo ng katutubo;

(The recognition of ICCA should be comprehensive to respect the integrity and dignity of the whole territory.)

k. Ang tradisyonal na batas ang pinakamataas na basehan sa paggawa ng mga polisiya at pamamahala ng ICCA;

(The customary law should be made the highest basis in the policy-making and management of ICCAs.)

2. Para sa Gobyerno ng Pilipinas:

For the Philippine Government:

a. Respetuhin at kilalanin ang tradisyonal na karapatan ng mga katutubo;

(Respect and recognize the traditional rights of indigenous peoples.)

b. Kilalanin at respetuhin ang ICCA batay sa katutubong titulo o iba pang katutubong pagkakakilanlan at kultura;

(Recognize and respect the ICCA based on native title or other traditional and cultural indicators)

c. Alalayan/suportahan ang kalakasan ng mga katutubo; huwag lumikha ng mga bagong sistema o pamamaraan na galing sa labas na ikakahina ng mga katutubo:

The indigenous peoples' capability to manage their ICCAs should be supported; do not invent new systems or processes from somewhere else that will undermine them;

d. Palakasin ang pakikipag-ugnayan ng Gobyerno sa mga katutubo at mga suportang grupo;

Strengthen the involvement and inclusion of indigenous peoples and their support groups

e. Tingnan ang ICCA bilang paraan ng pagprotekta, pangangalaga, pagpapaunlad at kapayapaan;

View ICCAs as strategies for protection, management, development and peace-building

f. Ang pagkilala sa ICCA kailangan sakop ang dignidad at integridad ng buong teritoryo ng katutubo;

The recognition of ICCA should be comprehensive to respect the integrity and dignity of the whole territory.

g. Ang tradisyonal na batas ang pinakamataas na basehan sa paggawa ng mga polisiya at pamamahala ng ICCA;

(The customary law should be made the highest standard in the policy-making and management of ICCAs)

3. Para sa mga Suportang Grupo:

(For the Support Groups:)

a. Magbibigay ng mga gabay para mapadali ang mga bagay-bagay;

(Provide guidance to simplify things)

b. Kilalanin at respetuhin ang ICCA base sa Native Title o katutubong pagkakakilanlan at kultura;

(Recognize and respect the ICCA based on native title or other traditional and cultural indicators)

c. Respetuhin ang espiritwal na ugnayan ng katutubo;

(Respect the spiritual relationships of the indigenous peoples)

d. Alalayan/suportahan ang kalakasan ng mga katutubo; hindi dapat lumikha ng mga bagong sistema o pamamaraan na galing sa labas na ikakahina ng mga katutubo;

(The indigenous peoples' capability to manage their ICCAs should be supported; do not invent new systems or processes from somewhere else that will undermine them)

e. Palakasin ang pakikipag-ugnayan at pakikilahok ng mga katutubo at suportang grupo;

(Strengthen the involvement and inclusion of indigenous peoples and their support groups)

f. Tingnan ang ICCA bilang paraan ng pagprotekta, pangangalaga, pagpapaunlad at kapayapaan;

(View ICCAs as strategies for protection, management, development and peace-building)

g. Ang pagkilala sa ICCA kailangan sakop ang dignidad at integridad ng buong teritoryo ng katutubo;

(The recognition of ICCA should be comprehensive to respect the integrity and dignity of the whole territory)

h. Ang tradisyonal na batas ang pinakamataas na basehan sa paggawa ng mga polisiya at pamamahala ng mga ICCA;

(The customary law should be made the highest standard in the policy-making and management of ICCAs)

B. Pagtatag ng Pambansang Ugnayan ng mga Pook na Pinapangalagaan ng mga Katutubo at Iba Pang Lokal na Pamayanan sa Pilipinas

(Establishment of the National ICCA Network in the Philippines)

Upang higit na mapadaloy ang pagkilala at pagbibigay ng suporta sa pamamahala at pamamanihala ng mga lugar na pinangangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan sa Pilipinas, aming itinatag ang Pambansang Ugnayan ng mga Pook na Pinapangalagaan ng mga Katutubo at Iba Pang Lokal na Pamayanan sa Pilipinas. Sa layuning ito, aming itinatalaga ang Koalisyon ng mga Katutubong Samahan ng Pilipinas (KASAPI) bilang pangunahing samahan at pansamantalang konseho upang makipag-ugnay at magpatupad ng mga pinagsama-samang panukalang gawain hanggang maitatag ang naturang samahan at konseho nito.

(To facilitate recognition of and support for the governance and management of our ICCAs we hereby establish and organize ourselves as the National ICCA Network in the Philippines. For this purpose, we hereby designate the National Coalition of Indigenous Peoples' Organizations (KASAPI) as the lead organization and the ad-hoc council to coordinate and implement the consolidated action plan until such time that the ICCA National Network and Council is established.)

C. Mga Panukalang Gawain para sa pagkilala at pagbibigay suporta sa mga Pook na Pinapangalagaan ng mga Katutubo at Iba Pang Lokal na Pamayanan sa Pilipinas

(Planned activities for the Recognition and Support of ICCAs)

Ang Pinagsama-samang mga Panukalang Gawain na nakalakip dito ay pinagtitibay. Ang KASAPI bilang nahirang na taga-pangulong samahan at pansamantalang konseho ay inaatasan na magsagawa ng mas detalyadong plano. Ang mga sumusunod, kasama na ang iba pang gawain na maaring matukoy sa hinaharap, ay isasagawa sa lalong madaling panahon:

(KASAPI as the designated lead organization and ad-hoc council is mandated to prepare the more detailed work plan. Without prejudice to other activities that may be identified later on, the following shall be conducted as soon as possible:)

1. Magtatag ng pambansang talaan ng mga pook na pinapangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan sa Pilipinas

(Establish the National Registry ¹ of ICCAs in the Philippines)

2. Mag-dokumento at magmapa ng mga idedeklarang mga pook na pinapangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan sa Pilipinas at pagtala ng mga ito sa pambansang talaan.

(Document and map the ICCAs that will be declared and registered in the national registry.)

3. Bumalangkas ng mga patakaran at magtatag ng mga proseso para sa pagkilala at pagsuporta sa mga pook na pinapangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan sa Pilipinas; kasama na ang pagtatag ng pambansang talaan at mga mekanismo para sa pagtutugma ng mga plano nito sa mga pambansa at lokal na pagpapalano;

(Formulate policies and establish processes for the recognition and support of ICCAs including the establishment of a Philippine National ICCA Registry and mechanisms for integrating ICCA plans into national and local development planning.)

4. Magtatag ng mga paaralan ng nabubuhay na mga tradisyon na nagtatampok ng mga tradisyonal na kaalaman at pangangalaga sa mga samu't saring buhay; sikapin na maipasok ito sa mga kurikulum sa lahat ng antas ng mga paaralan, at palakasin ang kakayahan para sa paggawa ng mga plano;

¹ The process for establishing the National Registry will be subject to further community consultations to be conducted by KASAPI.

(Establish "School of Living Traditions" integrating traditional knowledge and biodiversity conservation in the school curriculum at all levels, and build capacity for the preparation of an ICCA Capacity Building Development Plan.)

5. Pag-ibayuhin ang iba't ibang pamamaraan tulad ng pagbabayad para sa mga serbisyo ng ekolohiya, pagpapalakas ng kakayahan, at pagsulong ng alternatibong hanapbuhay, upang makatulong sa pangangalap ng pondo para sa pagbuo at pagpapatupad ng mga plano sa mga pook na pinapangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan;

(Pursue schemes such as payment for ecological services (PES) of ICCAs, capacity building and development of alternative livelihood, among others to raise funds for financing the ICCA plans of the member communities.)










6. Maglatag ng mga sistema at pamamaraan para sa pagtatag ng pambansang ugnayan ng mga pook na pinapangalagaan ng mga katutubo at iba pang lokal na pamayanan sa Pilipinas.

(Set-up systems and procedures for the establishment of the National ICCA Network in the Philippines.)

Adopted and approved on 30th day of March 2012 in the Assembly Hall of NCPAG, University of the Philippines , Diliman, Quezon City, Philippines.

Tinanggap at pinagtitibay ngayong ika-30 araw ng Marso taong 2012 sa Assembly Hall ng NCPAG, Unibersidad ng Pilipinas , Diliman, Lungsod ng Quezon, Pilipinas.

(Note: Document is subject to styling and grammar check for clarity.)

Name	Tribe	Signature
Alfredo M. Domogoy	Manobo	
Apolonio S. Timbangan	Higamon	
Bernardo L. Limikid	Mansaka	
Dalinao D. Sumbad	Buhid	
Datu Ampuan S. Sulda	MENUVU	
Domingo B. Lawagan	Manobo Manobo	
Eduardo A. Banda	Talaandig	
Elfranco L. Linsahay	Higamon	
Erlinda P. Malo-ay	Mandaya	
Eliseo M. Marundan	Manobo	
Elsa D. Dioayan	Maklanwa	
Evie Bacalan	MENUVU	
Fermin M. Daculay	manobo	
Helen G. Pojaras	BANAO	
Herbert B. Paganao	Manobo	
Datu Makalipay Ireneo P. Rico	Manobo	

Subanen
MENUUN'
Talaandig
Subanen
Tobulif
SUBANEN
BANAQ Tribe
Ayta
Tegayana Tangduran
SUBANEN
SMT
Blaan
JALANDON TRIBE
Higaonon
DULANGAN M.
Talaandig
EGONGOT / ILONGOT
MANOBO
Tabanaa
ayta
Taduray
Subanon
Subanen
Kalinga
TALAANDIG
Higaonon
HIGADON
HIGADHON
Kankana-ey
Parang Tribe Taidid
TAO-BUID
KALINGA

Handwritten signatures and scribbles on lined paper, including names like "Gugatan", "Bao das", and "Bao das", along with various initials and marks.

Napoleon Buendicho

Ricardo Turgo

✓ Erickson Pangsiw

✓ Fred Pangsiw^{1W}

✓ Joelyn Maliwang

✓ Clarisa P. Banasan

✓ Genelyn P. Tocong

✓ Prime King S. Pangsiw

✓ Jolly Mar S. Pangsiw

✓ Ulysses P. Tocong

✓ Barinay B. Pangsiw

✓ Journalyn P. Tocong

✓ Bobby Ralph S. Pangsiw

Dr. Felipe K. Nasayao

Felix M. Calonia

JORDAN P. TOCONG

CHRISTOPHER P. BANASAN

YODE A. PANGSIW

ARCELY LANGGAG

LYDIA B. PANGSIW

FELISTINA B. PANGSIW

MARQUEZA UNDA A. COSTALES

JULANN A. DAWAGAN

FRANCIS EUGENIO

MARIO AGCAO

CLIFORD PAMBANG

CARLO GARCOSAS

MAJUKAYONG TRIBE

MAJUKAYONG TRIBE

Kalinga

MADUPAYONG

KALINGA/MADUPAYONG

Majukayong

Majukayong

Majukayong

MAJUKAYONG

Kalinga/Majukayong

Majukayong

Majukayong

MAJUKAYONG

MAJUKAYONG

KALINGA

KALINGA

Majukayong

Kalinga

Kalinga

Kalinga

Kalinga

Kalinga

KALINGA

KALINGA